



Opisyal na lathalain ng Agricultural Training Institute
Regional Training Center - CaLaBaRZon

S KLAB

Ikasiyam na Isyu | Enero - Hunyo 2021

“

Ang vision ko ay to secure our food and future at makapagbigay tayo ng hanapbuhay sa ating magsasaka at ng pagsasanay at pagpo-proseso upang mapaunlad ang kanilang pagsasaka.

”

G. Florencio A. Flores,

Farm Owner
Flor and Daisy's Agricultural Farm
Sariaya, Quezon

Mga Nilalaman

- 2** Patnugutan at Nilalaman
- 3** Programang Palay-Aralan: Maghahatid ng Komprehensibong Impormasyon Ukol sa Pagpapalayan
Regional Consultative Meeting, Isinagawa para Maharmonisa ang mga Programa sa 2021
- 4** Farmer's Field School, Isinagawa sa Kalayaan, Laguna
FITS Center Morong, Patuloy na Nakikipagtulungan sa Pamamahagi ng De-kalidad na Binhi
- 5** Organic Agriculture, Patuloy na Pinapalawig sa Lalawigan ng Laguna
Kabataang Lagunense, Napili Bilang Isa sa Best MAYA Interns sa Pilipinas
- 6** Securing our Food and the Future
- 8** Balitoc Fisherfolk and Farmers Association (BFFA): Kabalikat sa Kahandaan, Kabalikat sa Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy
- 10** AgriWomen sa Calabarzon, Itinampok sa AgriTalk
- 11** Value-Added Products ng LSA, Tampok sa ATI@Home Series
Paaralan sa Himpapawid sa RCEF, Muling Mapapakinggan
- 12** 1st Semester Accomplishments 2021

Patnugutan

Tagapayo:

Marites Piamonte-Cosico

Punong Patnugot:

Rolando V. Maningas, PhD

Tagapamahalang Patnugot:

Jamila Monette B. Balmeo

Mga Manunulat:

Maridelle G. Jaurigue

Janine L. Cailo

Jamila Monette B. Balmeo

Hans Christopher C. Flores

Soledad E. Leal

Liza L. Yee

Arlene Esmama

Disenyo / Layout:

Dale Andre F. Cailer



This publication is a semestral summary of news and updates in the Agricultural and Fishery Extension published by the Agricultural Training Institute - Calabarzon, an attached agency of the Department of Agriculture

Write to us in this email: atirtc4a@gmail.com for comments, feedback and suggestions

Follow us!

www.ati.da.gov.ph/ati-4a

046-419-0210

ATICalabarzon


@aticalabarzon



ATI NEWS

Programang Palay-Aralan: Maghahatid ng Komprehensibong Impormasyon Ukol sa Pagpapalayan

Maridelle G. Jaurigue



Inilunsad ng Agricultural Training Institute (ATI) – CALABARZON, katuwang ang Department of Agriculture Region IV-A ang Palay-Aralan: Makabagong Pagsasaka sa Himpapawid o School on the Air (SOA) on Smart Rice Agriculture noong Mayo 2021. Ang paglulunsad na ginanap online sa pamamagitan ng Zoom ay nilahukan ng mga kinatawang-magsasaka mula sa mga kalahok na bayan at siyudad, at kinatawan mula sa iba't ibang katuwang na ahensya ng ATI CALABARZON kabilang ang Agricultural Program Coordinating Office (APCO) at Office of the Provincial Agriculturist. Sa mensahe ni Cavite Provincial Agriculturist, Gng. Lolita Pereña, pinasalamatan niya ang ATI sa pagpapatupad ng ganitong programa. Dagdag ni Pereña, *"kami po sa probinsya ng Cavite ay sumusuporta sa SOA at sana ang ating magsasaka ay samantalahin ang pagkakataon na gamitin ang makinarya, libheng binhi, mga pautang at programa ng gobyerno."*

Ayon naman sa APCO ng probinsya ng Rizal, Bb. Mary Ann Gajardo, malaking tulong ang programa sa mga magsasaka sa kanilang lugar. *"Marami sa farmers namin ay nasa kabundukan na at hindi naaabot ng teknolohiya. Sa pamamagitan ng SOA, mabibigyan sila ng pagkakataon na makasabay sa ibang magsasaka at tumaas ang kanilang ani."*

Pangunahing kalahok ng programa ang mga magsasakang rehistrado sa RSBSA o Registry System for Basic Sectors in Agriculture mula sa 47 na bayan at siyudad sa CALABARZON na mababa sa apat na tonelada ang ani. Kabilang naman ang mga kabataang kumukuha ng kursong Agrikultura sa *peripheral listeners* na mula sa limang pampublikong unibersidad sa rehiyon. Tinatayang 2,600 ang kalahok ng programa.

Ang Palay-Aralan ay napapanood tuwing Lunes at Martes, ika-11 ng umaga hanggang alas dose ng tanghali. Nagsimula ito noong ika-7 ng Hunyo, at tatakbo hanggang ika-26 ng Setyembre sa pamamagitan ng livestreaming sa Facebook page ng ATI Calabarzon, Department of Agriculture Region IV-A at Philippine Information Agency IV-A, at YouTube live ng ATI Calabarzon AgriStudio channel.

Mapapakinggan din ito sa iba't ibang sulok ng rehiyon sa pamamagitan ng mga katuwang na istasyon sa radyo sa sumusunod na iskedyul.

- DZJV 1458 Radyo Calabarzon – Lunes at Miyerkules (11:00 AM – 12:00 NN)
- 95.1 Kiss FM – Martes at Huwebes (11:00 AM – 12:00 NN)
- DWAL 95.9 Radyo Totoo
 - Huwebes (6:00 AM – 7:00 AM)
 - Sabado (8:00 AM – 9:00 AM)
 - Replay tuwing Linggo (7:00 AM – 8:00 AM)
- DWPB FM 107.3 - Huwebes at Biyernes (11:00 AM – 12:00 NN)

- Love FM Lopez 98.9 – Sabado at Linggo (11:00 AM – 12:00 NN)
- AgriTagkawayan Teleradyo – Miyerkules at Huwebes (11:00 AM – 12:00 NN)

Ang SOA-SRA ay komprehensibong programa sa radyo na magtatalakay ng iba't ibang pamamaraan at teknolohiya sa pagpapalayan na makatutulong sa pagpapataas ng ani at kita ng mga magsasaka. Ito ay pinangangasiwaan ng Information Services (IS) Section ng ATI Calabarzon, sa pangunguna ni Bb. Maridelle G. Jaurigue, Media Production Specialist II at patnubay ni Dr. Rolando V. Maningas, Chief ng IS Section.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa, bumisita sa ATICabarzon Facebook page:
<https://www.facebook.com/ATICabarzon-1535361476708410/>.

Regional Consultative Meeting, Isinagawa para Maharmonisa ang mga Programa sa 2021

Jamila Monette B. Balmeo



"Si Dr. Rolando V. Maningas, Chief ng Information Services Section ng ATI CALABARZON, habang nagbibigay ng mensahe sa mga panauhin."

TRECE MARTIRES CITY, Cavite - Pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang pagsasagawa ng Regional Consultative Meeting para sa mas maayos na pagpapadaloy ng Agriculture and Fishery Extension (AFE) system sa rehiyon. Humigit kumulang na apatnapung mga kinatawan mula sa tatlong (3) haligi ng ekstensyon ang

dumalo sa pagpupulong: ang National Government Agencies at State Universities and Colleges, Local Government Units at private sectors. Ito ay kinabibilangan ng Philippine Coconut Authority, PhilRice, PhilMech, Philippine Crop Insurance Corporation, Office of the Provincial Agriculturists / Veterinarian, Batangas State University, University of the Philippines Los Baños, University of Rizal System, Southern Luzon State University, Cavite State University, MoCA Family Farm RLearning Center Inc. at Teofely Nature Farms.

"The presence of each and every one is a strong proof na masigla at matibay ang samahan ng mga tagapangasiwa ng ekstensiyon sa rehiyon," saad ni ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte-Cosico.

Inilahad ni G. Angelo H. Hernandez, Monitoring and Evaluation Officer I, ang 2020 Consolidated Physical Performance kung saan ang ATI CALABARZON ang isa sa mga top performing Regional Training Centers sa buong bansa. Samantala, ipinaliwanag naman ni Gng. Sherylou C. Alfaro, Chief ng Partnerships and Accreditation Services Section, ang ATI's thrusts and priorities 2021 kabilang ang "One DA" (Department of Agriculture). Dagdag pa rito, ipinayahag ng focal persons ng bawat programa ang iba't ibang pagsasanay para sa 2021. Sinundan ito ng *open forum* kung saan malayang nakapagbigay ng tanong, komento at suhestiyon ang mga panauhin.

Bago matapos ang programa, kinumpirma ni Bb. Juvelyn Dela Cruz, Development Management Officer I, ang pagpupulong sa pamamagitan ng kasunduan na sinang-ayunan naman ng mga kalahok ang plano at programa para sa 2021. Bilang pagtatapos, ipinaliwanag ni Center Director Cosico ang ilan sa *salient features* ng Magna Carta for the Agricultural Extension Workers.

Naganap ang Regional Consultative Meeting noong ika-9 ng Pebrero, 2021 sa ATI CALABARZON Training Hall, Brgy. Lapidario, Trece Martires City, Cavite.

Farmer's Field School Isinagawa sa Kalayaan, Laguna

Liza L. Yee, FITS Center Kalayaan, Laguna



"Ang mga kalahok ng pagsasanay habang hawak ang sertipiko ng pagtatapos."

KALAYAAN, Laguna – Dalawampu't limang (25) magsasaka mula sa Brgy. San Antonio, Kalayaan, Laguna ang nagsipagtapos sa Farmer's Field School (FFS) on Modernized Production of High-Quality Inbred Rice and Seed Certification noong ika-21 ng Mayo, 2021. Ang pagsasanay ay ginanap noong Nobyembre 2020 hanggang Pebrero 2021 sa Nylove Integrated Farm, isa sa mga accredited Farm Schools ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA) at certified Learning Site for Agriculture ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON.

Ang nasabing pagsasanay ay sa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) ng TESDA sa pagtutulongan ng ATI CALABARZON at ng lokal na pamahalaan ng Kalayaan sa pamamagitan ng Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center Kalayaan. Sina Gng. Liza L. Yee, FITS Manager at G. Ralph Lazaro, FITS TSS ang nagsilbing mga tagapagsanay.

Layunin ng pagsasanay na ito na tulungan ang ating mga magsasaka na maging *competitive* sa larangan ng produksyon ng palay at pataasin ang kalidad ng kanilang mga ani at kita.



"Isa sa mga kalahok ng pagsasanay habang hawak ang sertipiko ng pagtatapos kasama si Gng. Nyla Cordero (kaliwa), may-ari ng Nylove Integrated Farm, at Gng. Liza L. Yee (kanan), Municipal Agriculturist/FITS Manager ng Kalayaan, Laguna"

FITS Center Morong, Patuloy na Nakikipagtulungan sa Pamamahagi ng De-Kalidad na Binhi

Gng. Arlene Esmama, FITS Center Morong, Rizal



MORONG, Rizal - Ngayong idineklara na ang panahon ng tag-ulan ay kasabay din nito ang paghahanda ng ating mga magigiting na magsasaka ng kanilang mga kakailanganin sa pagsasaka. Kabilang na dito ang pagpili ng mga de-kalidad na mga binhi ng palay. Ang Farmers' Information and Technology Services (FITS) Center - Morong ay nakaagapay sa ating mga magsasaka sa pamamahagi ng mga libre at de-kalidad na mga binhi.

Sa tulong din ng Department of Agriculture CALABARZON ay kasalukuyang namamahagi ang FITS Center - Morong ng *hybrid seeds* (Longping 534 at US 88) para sa 450 ektarya at *inbred seeds* (NSIC Rc 216, 218 at 402) para naman sa 300 ektarya. Ang mga magsasaka na kumukuha ng mga binhi ay kinakailangang nakarehistro sa Registry System for Basic Sector in Agriculture (RSBSA) at pinapayuhan din sila na magpaseguro ng kanilang mga pananim sampung araw (10) makalipas ng paglilipat tanim.

ATI NEWS

Organic Agriculture, Patuloy na Pinapalawig sa Lalawigan ng Laguna

Soledad E. Leal



"Ang mga kalahok sa seminar habang tinatanggap ang starter kit kasama si Gng. Marites Piamonte-Cosico (gitna), Center Director ng ATI CALABARZON, at Gng. Liza L. Yee (dulong kaliwa), Municipal Agriculturist ng Kalayaan, Laguna."

Para mas mapaunlad ang kakayahan at kaalaman sa organikong pagsasaka, isinagawa ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang dalawang (2) aktibidad sa lalawigan ng Laguna, ang Seminar on Organic Agriculture for the Youth sa Nagcarlan at Organic Mobile Tiangge sa Kalayaan.

May kabuuang tatlong (30) kabataan ang nakiisa sa Seminar on Organic Agriculture for the Youth. Dinaluhan ito ni Municipal Mayor Lourdes Arcasetas, Municipal Agriculturist Angelina Salamat at ATI CALABARZON Center Director Marites Piamonte – Cosico. Sa kanyang mensahe, hinamon ni Center Director Cosico ang mga kabataan na mahalin at payabungin ang agrikultura. Sa pagtatapos ng programa, nakatanggap ang mga kalahok ng *starter kits* kabilang ang *vermicast*, *carbonized rice hull*, *haras*, *molasses*, *bokashi*, *water sprinkler* at *vegetable seeds*. "Dito (sa seminar na ito) ko nayakap yung *food sustainability* at *organic farming*. Napakahalaga ng sektor ng Agrikultura sa ating bayan. Ito ay isang napakalaking ambag sa isang hanay na kung saan ay aming babaunin sa kanya-kanyang bahay at pamayanan. Itong seminar na ito ay hindi lamang nagbigay ng kaalaman bagkus ay nagbigay ng kasanayan sa ating mga kabataan. Hindi lamang natapos sa talakayan. May ipapamigay pa na *starter kits*. Mayroong application yung ating mga natutunan," pagbabahagi ng isa sa mga kalahok. Ang isang araw na aktibidad ay ginanap sa Gintong Bukid Farm and Leisure, isang certified Learning Site for Agriculture ng ATI CALABARZON na matatagpuan sa bayan ng Nagcarlan.

Samantala, tatlong (30) indibidwal din mula sa iba't ibang barangay sa Kalayaan ang lumahok sa Organic Mobile Tiangge. Si G. Ralphy Lazaro ng Municipal Agriculture Office ng Kalayaan ang nagsilbing tagapagsalita. Nakatanggap din ang mga kalahok ng *starter kits* kabilang ang *assorted vegetable seeds*, *seedling tray*, *molasses*, *vermicast*, *carbonized rice hull*, *haras* at *water sprinkler*.

Ang Seminar on Organic Agriculture for the Youth at Organic Mobile Tiangge ay naganap noong ika-19 at 21 ng Enero, 2021, ayon sa pagkakabanggit.

Isinalin sa Wikang Filipino ni: Jamila Monette B. Balmeo

Kabataang Lagunense, Napili Bilang Isa sa Best MAYA Interns sa Pilipinas

Maridelle G. Jaurigue

Si Joenel M. Alvarez, tubong Sta. Maria Laguna, ang tinanghal na pinakamagaling na *intern* ng programang MAYA o Mentoring and Attracting Youth in Agriculture sa buong Agricultural Training Institute (ATI) Regional Training Centers, at isa sa 28 *interns* sa buong Pilipinas. Nakuha niya ang pinakamataas na grado noong ebalwasyon, base sa pamantayan ng ATI.

Pinangangasiwaan ng Department of Agriculture (DA) Bureau of Agricultural Research (BAR), ang MAYA ay isang *internship program* na naglalayong mag-hasa ng mga kabataang Pilipino upang maging *agri-fishery entrepreneurs* o *agripreneurs*, o at sanayin sila upang maging lider sa mga komunidad, lokal na pamahalaan o tanggapan ng DA. Bukas ito sa mga kabataang may edad na 20-30, at nagtapos sa loob ng apat o anim na taong kursong Agrikultura, pangisdaan, *agribusiness* o may kinalaman dito.

Nagsimula ang *internship* ni Alvarez noong ika-15 ng Marso, 2021, bilang isa sa mga kalahok ng Training on Farm Business School na pinangasiwaan ng ATI CALABARZON. Nagsanay din siya sa isa sa *extension partner farms* ng ATI CALABARZON at School for Practical Agriculture, ang Uma Verde Ecomature Farm. Nakamit ni Alvarez ang dalawang *certification*, partikular ang National Competency on Organic Agriculture Production II at Agro-Entrepreneurship sa tulong ng Uma Verde. Ayon pa kay Alvarez, malaking tulong sa pag-develop niya sa sarili ang mga naging karanasan niya sa Uma Verde. "Natuto akong *makipag-ugnayan sa mga tao at nadagdagan ang aking tiwala sa sarili*," aniya.

Samantala, kasalukuyan siyang nagsasanay sa Terra Verde Eco Farm at kalaunan naman ay sa Farmshare Prime upang matutunan ang iba't ibang teknolohiya sa agrikultura mula produksyon hanggang pag-merkado nito.

Malaki ang pasasalamat ni Alvarez sa oportunidad na natanggap niya. Ani Alvarez, "Bilang isang MAYA intern, gagawin ko ang lahat ng aking makakaya upang makatulong na mahikayat ang mga kabataan patungo sa sektor ng agrikultura at maging katuwang ng magsasaka sa pagse-seguro ng pagkain sa bansa."



COVER STORY

Securing our Food and the Future

Hans Christopher C. Flores



Para sa iba ang “retirement” ay panahon ng pagpapahinga, at paghinto sa napiling karera o trabaho. Marahil naitanong mo na din ito sa iyong kasamahan sa trabaho na matagal ng naninilbihan. Kaya naman ang kasunod na katanungan, anong pagkakaabalahan mo pagkatapos mong mag *retire*? Ngunit para kay Florencio “Flor” Flores ang pagreretiro ay pagkakataon upang magsimula ng bagong pagtuklas.

Pagkatapos magtrabaho ni Flor sa isang pribadong kompanya ng tatlumpu’t limang taon, ninais niyang bumalik sa kaniyang bayan sa Sariaya, Quezon. Sabi nga niya, “kami ay pumasok sa pagsasaka dahil nakita ko na marami itong magagawa hindi lamang sa aming pamilya kundi maging sa aming kapwa magsasaka dito sa aming lugar”. Kaya naman sinimulan nilang itayo ang Flor and Daisy’s Agricultural Farm sa Brgy. Mamala II, Sariaya, Quezon. Isa itong *integrated farm* na may lawak na limang ektarya.

“To secure our food and future at makapagbigay tayo ng hanapbuhay sa ating mga magsasaka at makapagbigay ng pagsasanay at pagpo-proseso upang mapaunlad ang kanilang pagsasaka”. Ito ang naging vision at mission ng Flor and Daisy’s Agricultural Farm. Taong 2017 nang maging certified Learning Site for Agriculture (LSA) ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang sakahan, at bilang LSA ay nagdadaos sila ng mga iba’t ibang pagsasanay tulad ng Farm Business School (FBS) at Farmers’ Field School sa cacao. Na-accredit din sila ng Technical Vocational Institution ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA).

Kilala ang kanilang sakahan sa kanilang tanim na gulay at prutas. Taong 2019 ng maging Good Agricultural Practices Program (PhilGAP) certified ang Flor and Daisy’s Agricultural Farm na sumusunod sa panuntunan ng GAP na ligtas at maganda ang kalidad ng kanilang mga produkto. Sa dami ng kanyang mga gulay at prutas sa sakahan, may isang prutas na namukod tanging pumukaw ng kanyang interes, sabi niya, *“nagkaroon ako ng interes sa cacao dahil nakita ko ang mga kababayan natin na OFW na kapag umuuwi sa Pilipinas ay may pasalubong na chocolate at napag-alaman ko din na ang chocolate na ginagawa sa ibang bansa ay nanggagaling sa mga cacao na nakatanim sa ating bansa”.*



COVER STORY

Kinalauanan, siya ang hinirang na pangulo ng Samahan sa Industriya ng Cacao na Pangkabuhayan ng Quezon (SICAP Quezon) at siya rin ang pangulo ng CALABARZON Cacao Stakeholders' Association. Kaya naman tinanghal siya bilang Outstanding High Value Crop Farmer noong 2019.

Katulad ng ibang magsasaka dumadaan din sila sa pagsubok tulad ng mga peste ngunit ang hindi nila maiwasan ay yung pabago-bagong panahon, *"kaya nga po gumagawa kami ng mga plano at pamamaraan upang maka-adapt sa Climate Change at dapat marami tayong pagsasanay upang masigurado natin na ang ating pagtanim ay makapagbibigay ng magandang harvest at kita,"* kwento ni Flor. Malaki ang naging tulong ng ATI sa mga pagsasanay dahil nagbukas ito ng pintuan upang malaman niya ang mga iba't ibang teknolohiya sa pagsasaka. Nakasama din siya sa FBS at Leadership Training sa mga magsasaka.



Tunay nga na malayo na ang narating ni Flor sa siyam na taon niyang pagsasaka. Aniya, *"sa mga kapwa ko magsasaka patuloy tayong magsaliksik, mag-aral at magsanay upang ma-improve po natin ang ating ginagawa sa araw-araw. Huwag po tayong magsasawa na turuan din ang ating kapwa magsasaka at ang ating mga farm worker upang hindi lamang tayo ang umaangat kundi lahat tayo ang umaangat"*.

Ang pagreretiro sa trabaho ay parte na ng ating buhay kaya naman karamihan sa atin ay mabusisi itong pinagpa-planuhan. Ang iba sa atin ay mas pinipiling magretiro ng maaga o kaya'y tapusin ang *retirement age*. Sa pagreretiro natuklasan ni Flor ang mga iba't bang pamamaraan at teknolohiya sa pagsasaka at ang kagandahang hatid ng cacao sa ating mga magsasaka. Ikaw, ano kayang matutuklasan mo sa pagreretiro mo?

FEATURE STORY

**Balitoc Fisherfolk and Farmers Association (BFFA):
Kabalikat sa Kahandaan, Kabalik sa Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy**

Janine L. Cailo



Isang malaking hamon sa industriya ng pagsasaka at pangingisda ang pagbabago ng klima o *climate change* at natural na sakuna. Ito ay direktang nararanasan ng mga magsasaka at mangingisda sa bawat panig ng mundo at nagdudulot ng pamiminsala sa kabuhayan ng magsasaka at mangingisda. Ang *climate change* o pagbabago ng panahon o klima ay tumutukoy sa pag-init ng temperatura dulot ng pagtaas ng *greenhouse gases*.

Sa tulong ng mga makabago at angkop na teknolohiya na umaakma sa nagbabagong panahon at natural na sakuna, ang pamamaraang tulad ng Sustainable Pig Farming (SPF) o babuyang walang amoy ay isang pamamaraan na nakakatulong sa kalikasan at kabuhayan ng isang pamilya at komunidad.

Handang Pamayanan

Ang Balitoc Fisherfolk and Farmers Association (BFFA) ay isang samahan na nabuo noong 2018 at opisyal na narehistro sa Department of Labor and Employment. Sa kasalukuyan, ito ay may aktibong tatlungpung (30) miyembro na binubuo ng mga magsasaka at mangingisda mula sa Brgy. Balitoc, Calatagan, Batangas. "*Nabuo ang samahan noong nagkaroon ng pag-aaral ng resiliency sa agrikultura,*" ani Gng. Paz Lopez, pangulo ng BFFA. "*Nagkaroon ng ground touting sa barangay namin at mapalad kami at dito napili ng ATI na ilunsad ang Climate Resilient Agriculture Community,*" dagdag pa niya.

Base sa datos na nakalap ng PRRA ng grupo ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON, napili na ang bayan ng Calatagan sa lalawigan ng Batangas ay isa mga lugar sa rehiyon CALABARZON na maaaring makaranas ng iba't ibang peligro mula sa pagbabago ng panahon o klima at likas na sakuna tulad na lamang ng malakas na bagyo o pagtaas ng lebel ng tubig mula sa dagat.

Upang magkaroon ng kahandaan ang mga mamamayan higit sa lahat ang mga magsasaka at mangingisda, inilunsad ng ATI CALABARZON kabahagi ang Panlalawigang Tanggapan ng Agrikultur ng Batangas, lokal na pamahalaan sa pangunguna ng Pambayang Tanggapang Agrikultur ng Calatagan, Batangas ang Climate Resiliency for Agriculture (CRA) sa ikalawang taon ng programa. Sa proyektong ito, nilalayan na mabigyan ng kahandaan ang komunidad sa panganiib na dala ng pagbabago ng panahon sa pamamagitan ng paggamit ng *climate-smart livelihood*.

Ang tatlungpung pamilya na benipisyaryo ay lumahok sa iba't ibang pagsasanay sa loob ng anim na buwan. Ang ilan lamang dito ay ang Climate Smart Farm Business School (CSFBS) mula ika-24 ng Agosto hanggang ika-12 ng Disyembre, 2018; Training Course on Corn and Sugarcane By-Products noong ika-14 hanggang ika-16 ng Mayo, 2019; at Climate Resilient Agriculture Pilot Projects Value Chain Analysis: Planning for the Development of Market-oriented Agricultural Enterprises noong ika-19 hanggang ika-21 ng Hulyo, 2019.

FEATURE STORY



Sa pagtatapos ng mga kalahok sa mga pagsasanay, kaakibat ng proyekto na ito ang pagkakaroon ng mga panimulang kagamitan sa pangkabuhayan tulad ng biik, manok, gamit para sa pagproseso ng isda at gamit sa pangingisda. Naging sentro ng pagsasanay ng mga kalahok ang sustenableng pag-aalaga ng baboy o mas kilala rin sa tawag na babuyang walang amoy.

Adapsyon ng Sustenableng Pag-aalaga ng Baboy



Walang amoy, may manipis na taba, maganda ang karne at maliit na gastos. Ganito isalarawan ni Mary Ann Salaw, tatlong (3) taon ng miyembro ng BFFA, ang pag-aalaga ng baboy gamit ang SPF.

Mula sa panimulang limang (5) baboy, patuloy na isinasagawa ng mga miyembro ng BFFA ang sustenableng pag-aalaga ng baby partikular na ang pamamaraan na "deep litter". Sa pamamaraan na "deep litter", ang sahig ng alagang baboy ay may hukay na isang (1) metro ang lalim at hinaharuan ng kusot, ipa, uling, at isang (1) kilong asin. Ito ay nakakatulong na lumiit ang gastos at paggamit ng tubig sa paglilinis ng kulungan ng baboy dahil nililinis na lamang ang dumi ng baboy at pinapalitan kung kinakailangan. Sa teknolohiya ring ito, gumagamit sila ng natural na sangkap at pakain sa pag-aalaga ng kanilang baboy. Ang dumi naman ng baboy ay kanilang tinutuyo upang gamiting pataba sa kanilang halaman. "Wala itong amoy kaya hindi ito nakakaistorbo sa aming kapitbahay," ani Mary Ann.

"Mula sa aming pag-aaral, maraming nang nabago sa buhay namin," saad ni Gng. Paz. "Sa ganung paraan, malaki ang naitulong ng komunidad sa pangangalaga ng kalikasan tulad ng paggamit ng teknolohiya ng sustainable pig farming," dagdag pa niya.

Matatag na samahan ng BFFA



Noong 2019 nang parangalan ang samahan na BFFA bilang "Natatanging Kaagapay sa mga Espesyal na Proyekto sa Sustainable Pig Farming" mula sa ATI CALABARZON.

"Ang nakakatuwa ay dahil organisado ang aming samahan, iisa ang sistema na aming ginagawa sa aming pagsasaka mula sa mga natutunan namin sa pag-aaral," Mula sa pinamalas ng galing ng samahan ay marami ang nagnanais na maging miyembro ng kanilang organisasyon.


"Maraming pribadong nag-aalaga ng backyard piggery na pinupuntahan ang mga nag-aalaga ng SPF upang makita at matuto," ani ni Gng. Paz. Nais ng samahan na sumailalim sa ilang pagsasanay ang mga nagnanais maging miyembro upang madagdagan ang kanilang kaalaman sa climate-smart agriculture.

Sa ngayon, ang mga miyembro ng BFFA ay patuloy na isinasagawa ang mga natutunan nila sa pagsasanay at kanila rin itong ibinabahagi sa ibang komunidad sa bayan ng Calatagan, Batangas.



AgriWomen sa Calabarzon, Itinampok sa AgriTalk

Janine L. Cailo



Bilang pag-oberba at pagkilala sa mga kontribusyon ng mga kababaihan sa iba't ibang sektor at larangan, kasaysayan at paglago ng bansa, ang Marso ay i pinagdiriwang na buwan ng mga kababaihan o "Women's Month" alinsunod sa Proclamation No. 227 s. 1988.

Bilang pakikiisa sa 2021 National Women's Month Celebration (NWMC), pinangunahan ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON ang isang online forum katuwang ang Manila Bulletin, Agriculture Magazine at Smart Communications Inc., ang "AgriTalk 2021: AgriWomen." Tampok ang apat na natatanging kababaihan mula sa sektor ng agrikultura na sina: General Manager ng Cortijo de Palsabangon Farm Park and Restaurant Bb. Noriko Usui;

Cavite State University (CvSU) Extension Director Dr. Almira G Magcawas; Municipal Agriculturist ng Silang Bb. Adelia V. Poblete; at OIC Regional Executive Director ng Department of Agriculture Regional Field Office IV-A Gng. Vilma Dimaculangan. Kanilang binahagi ang karanasan, aral at tagumpay sa larangang ng agrikultura, serbisyong pang-ekstensyon, pamumuno sa ahensya ng pamahalaan, at pagsasaka.

Ang online forum ay ipinalabas sa opisyal na Facebook page at YouTube channel ng ATI Region IV-A at napanood rin sa Facebook page ng ATI Central Office at Agriculture Online noong ika-26 ng Marso 2021 na dinaluhan ng mahigit 400 na kalahok.

ATI NEWS

Value-Added Products ng LSA, Tampok sa ATI@Home Series

Maridelle G. Jaurigue



"Si G. Darren Bayan, Program Management Assistant ng ATI CALABARZON kasama si Gng. Normita Perez (kaliwa) at Bb. Shenalyn Aram (gitna) ng Laly's Farmville sa Cavinti, Laguna"

Ibinida sa dalawang *episode* ng Agricultural Technologies thru Internet @ Home o ATI@Home ang mga produkto ng sertipikadong Learning Site for Agriculture (LSA) ng Agricultural Training Institute (ATI) Calabarzon. Ang ATI@Home ay libreng *webinar* na handog ng ahensya sa publiko na nakatuon sa mga paksang may kinalaman sa paghahalaman, paghahayupan at pangisdaan. Ito ay nabuo noong 2020 upang maghatid ng kumpletong kaalaman ukol sa *urban gardening*, at bilang tugon sa panawagan ng gobyerno ng lokal na produksyon ng pagkain para sa bawat pamilyang Pilipino.

Kabahagi ng selebrasyon ng anibersaryo ng ATI ang pag-ere ng unang *episode* ng ATI@Home Learning Site for Agriculture Product Series noong ika-28 ng Enero, 2021. Tampok dito ang *world-class brand* ngunit lokal na produkto ng Four K Kakao Farm, ang Tangerine. Samantala, noong ika-19 ng Marso, 2021, nag-ere ang ikalawang *episode* ng ATI@Home Learning Site for Agriculture Product Series tungkol sa *natural juices* sa Facebook page at YouTube channel ng ATI Calabarzon. Bida rito ang mga produkto ng Laly's Farmville na *calamansi juice concentrate*, *calamansi juice with cucumber*, *guyabano concentrate* at *passion fruit juice*. Sa loob ng isang oras na *recorded webinar* ay itinuro ng *farm owner* na si Gng. Normita Perez ang paggawa ng mga nasabing *natural juices*.

Ang pinakahuli ay ang *episode* tungkol sa gatas, tampok ang mga produkto ng FarmShare Prime na matatagpuan sa Cavinti, Laguna na ipinalabas noong ika-24 ng Mayo, 2021. Sa nasabing *webinar* ay ipinakita ang paggawa ng iba't ibang produkto mula sa gatas ng baka tulad ng kesong puti, *milky pops* at *flavored milk tea*.


Maaaring balikan ang mga naipalabas na ATI@Home *episodes* sa ATI Calabarzon AgriStudio channel:

<https://www.youtube.com/channel/UCeTp7vm-KYGx4wEoeZxC2Rwat>,

at abangan ang anunsyo tungkol sa susunod na *episodes* sa Facebook page ng ATI Calabarzon.

Paaralan sa Himpapawid sa RCEF, Muling Mapapakinggan

Janine L. Cailo




Sa ika-tatlong taon ng implementasyon ng Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) ay muling umere ang "School-on-the-Air" (SOA) o paaralan sa himpapawid. Pormal na inilunsad ang ikalawang programa ng Agricultural Training Institute (ATI) CALABARZON na "Ating Ani at Kita: Talakayang RCEF Program sa CALABARZON" noong ika-7,8, at 13 ng Abril, 2021 sa opisyal na Facebook page at dinaluhan ng mga piling magsasaka at tekniko mula sa kalahok na munisipyo at lungsod. Layunin ng SOA RCEF na ihatid ang mga serbisyo at benepisyo na handog ng programa sa mga magsasaka mula sa Cavite, Laguna, at Quezon.

Ang programa ay naglalaman ng dalawampung aralin patungkol sa makabago at angkop na teknolohiya sa pagtatanim ng palay at mga serbisyo mula sa iba't ibang ahensya na nagpapatupad ng programang RCEF.

Inaasahan ang mahigit 500 na kalahok mula sa dalawampu't isang bayan mula sa prayoridad na lalawigan ng rehiyon.

Tinutukan naman ng mga kalahok ang unang pag-ere ng programa noong ika-16 ng Abril, 2021 at ito ay sabay na napapakinggan sa dalawang katuwang na himpilan, ang Radyo Natin Laguna 106.3 FM at Kiss FM 95.1.

Ang paaralan sa himpapawid ay sasahimpapawid sa loob ng dalawampung linggo mula ika-16 ng Abril, 2021 hanggang ika-27 ng Agosto, 2021.






Department of Agriculture
Agricultural Training Institute Region IV-A

8575 Camerino Street, Brgy. Lapidario
Trece Martires City, Cavite

-  (046) 419 0210
-  www.ati.da.gov.ph/ati-4a/
-  atirtc4a@gmail.com
-  www.facebook.com/ATICalabarzon
-  @aticalabarzon
-  @aticalabarzon
-  aticalabarzon

Siklab: Official Newsletter
Agricultural Training Institute Region IV-A

**JANUARY-JUNE
2021
ACCOMPLISHMENTS**
(EXTENSION ACTIVITIES)



Total Extension Activities: 68

Total Participants: 1,785